

## Wag pong magpabahala during summer bakasyon at “obon” holiday

Meron pong lumabas ulit na [2<sup>nd</sup> emergency] sa prefecture po natin. Lalo na po sa pagdami ng inpeksyon sa loob ng pamilya at pagdami din po ng inpeksyon ng mga matatanda. Kaya sana po na lalo pa pong mag-ingat sa dadating na summer bakasyon at “obon” holiday.

### 1. Maging careful po tayo sa aksyon natin sa bakasyon

- Kapag magbabakasyon o uuwi po sa ibang prefecture, alamin po kung ano ang nangyayari sa lugar na pupuntahan at siguraduhin na wala pong sakit ang buong pamilya.
- Iwasan po ang lugar o selebrasyon na maaaring mainpeksyon katulad ng magdinner ng maraming tao sa labas, magparty, barbeque o kaya naman karaoke and etc.
- Iwasan din po ang paglakas ng boses kapag may kausap, inuman po sa labas o kaya pumunta sa mga lugar na madaming tao (lalo na po sa Nagoya).

### 2. Siguraduhin po na meron pong ginagawa para maiwasan mainpeksyon ang pamilya

- Siguraduhin po ang [gumawa ng space between sa mga tao], [magsuot po ng mask], at [maghugas ng kamay]. Lalo na po sa mga matatandang na inpeksyonan.
- I-check po palagi sa kapamilya kung ginagawa po ang paraan para hindi mainpeksyon.
  - Katulad ng [kapag umuwi na sa bahay siguraduhing maghugas ng kamay] , [alamin kung saan pupunta] , [alamin kung ano ang pakiramdam every day]

Aug.07.2020

From the Governor of Gifu prefecture:  
FURUTA Hajime